Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

74

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG ENERO 5, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano | . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya | . . . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes | . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 001 -T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA PARA SA TAONG 2009 NA NAGKAKAHALAGA NG ISANGDAAN ANIMNAPU'T LIMANG MILYON WALONG DAAN TATLUMPU'T LIMANG LIBO APATNAPU'T PITONG PISO AT LABING ISANG SENTIMOS (P165,835,047.11).**

**SAPAGKA'T,** ang Taunang Badyet para sa taong 2009 na naglalaan ng panustos sa mga gugulin at mga pananagutan ng Pamahalaang Lokal at ng mga kagawaran at sangay nito ay masusing tinalakay, pinag-aralan at sinuri ayon sa iba't-ibang aytem sa kabuuan nito sa pakikiisa ng Pambayang Lupon sa Pananalapi;

**SAPAGKA'T,** ang balangkas ng Taunang Badyet ay isinumite sa Lupon sa Pananalapi at Gugulin ng Kgg. Sangguniang Bayan upang mapag-ukulan ng pag-aaral, pagbabalik-aral at pagsusuri tungo sa pagpapasiya at pagpapatibay ng Kgg. Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** matapos ang isang matalino at masusing pagtatalakayan sa mga bagay na nakatakda sa Taunang Badyet at matapos na maisagawa ang mga kinauukulang pagbabago at pagwawasto sang-ayon sa pangangailangan ng bawat tanggapan ng pamahalaan at mga gawaing pampamahalaan at batay sa mga itinatadhana ng patakaran sa paggawa ng isang Pambayang Badyet ay inirekomenda ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong 2009 ng Pamahalaang Bayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Laura P. Obligacion, Roselon F. Pamatmat at Romulo A. Elca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Taunang Badyet ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna para sa Taong 2009 na magsisimula sa Enero 1, 2009 at magtatapos sa Disyembre 31, 2009, na naglalaan ng kaukulang gugulin ng Pamahalaang Bayan gaya ng mga sumusunod:

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 01-T2009

**KAUTUSANG NAGLALAAN NG HALAGANG ISANGDAAN ANIMNAPU'T LIMANG MILYON WALONG DAAN TATLUMPU'T LIMANG LIBO APATNAPU'T PITONG PISO AT LABING ISANG SENTIMOS (P165,835,047.11) PARA SA MGA GASTUSIN AT IBA PANG LAYUNIN NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA MULA SA ENERO 1, 2009 HANGGANG DISYEMBRE 31, 2009.**

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Ilaan ang halagang Isang daan Animnapu;t Limang Milyon Walong daan Tatlumpu't Limang Libo Apatnapu't Pitong Piso at Labing Isang Sentimos (P165,835,047.11) para sa Pangkalahatang Pondo ayon sa pagkakaroon nito o nananatiling pondong nasa kabang-bayan upang matugunan ang mga gastusin at pangangailangan ng mga iba't-ibang tanggapan, sangay o departamento ng pamahalaang bayan mula Enero 1, 2009 at magtatapos sa Disyembre 31, 2009, ayon sa limitasyon at sa itinakdang pondo;

**SEKSYON 2** - Ilaan ang halagang Animnapu't Pitong Milyon Isang daan Pitumpu't Isang Libo Walong daan Siyamnapu't Apat na Piso at Tatlumpu't Anim na Sentimos (P67,171,894.36) para sa pasuweldo o pasahod o kabayaran sa Personal na Paglilingkod at iba pang benepisyo ng mga opisyal at kawani ng iba't-ibang tanggapan at mga layunin sa paglalaan. Ang pondo para sa Mentinansya at Iba Pang Gugulin at Guguling Kapital ay gamitin para sa episyente at maayos na pagsasagawa ng mga tungkulin ng pamahalaang bayan na itinala at inilaan ng Pambayang Lupon sa Pananalapi sa kapahintulutan at pagpapatibay ng Kagalang-galang Punong Bayan at ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ayon sa umiiral na panuntunan at patakaran sa pagbabadyet. Inaatasan ang Gumaganap na Pambayang Ingat-Yaman na mabayaran ang mga gastusin ng pamahalaang bayan sa sandaling isabatas ng Sangguniang Bayan ang anumang kautusang pinagtibay ng Punong Ehekutibo para sa kapakanan at kagalingan ng pamahalaang bayan.

**SEKSYON 3** – Ilaan ang halagang Animnapu't Tatlong Milyon Animnaraan Tatlumpu't Apat na Libo Apatnaraang Piso (P63,634,400.00) ay inilaan sa Mentinansya at Iba pang Gugulin at sa Financial Expenses ng pamilihang bayan.

**SEKSYON 4** - Ilaan ang halagang Walong Milyon Animnaraan Limampung Libo Animnaraan Dalawampu't Siyam na Piso at Animnapu't Limang Sentimos (P8,650,629.65) ay inilaan sa pagawaing bayan at Guguling Kapital.

**SESKYON 5** – Ilaan ang halagang Dalawampu't Anim na Milyon Tatlong Daan Pitumpu't Walong Libo Isang Daan Dalawampu't Tatlong Piso at Sampung Sentimos (P26,378,123.10) ay inilaan para sa mga Di-Pantanggapang Gugulin tulad ng 5% pondo para sa Kalamidad, 20% Pondong Pangkaunlaran at iba pang nakapaloob dito.

**SEKSYON 6** – Ang kabuuang halagang inilaan sa mga di-katiyakang layunin (contigent purposes) ng mga tanggapan ng pamahalaang bayan ay kinakailangang may paglalaan ng bawat tanggapan at isasagawa ayon sa mga panuntunang itinatadhana ng Travel Expense at Public Bonding Laws.

**SEKSYON 7** – Ang Suweldo o pasahod ng mga halal, opisyal at kawani ng pamahalaang bayan ay alinsunod sa Local Budget Memorandum No. 75 na may petsa Hunyo 12, 2002 at itinataas o kinukupkop batay sa Klasipikasyon bilang "Special Cities" alinsunod sa Local Budget Circular No. 74 na may petsa Hunyo 15, 2001. Inilaan ang pondo para sa mga magreretiro at Iba Pang Personal na Benepisyo ng mga Halal, Opisyal at Kawani ng pamahalaang bayan sa ilalim ng Batas-Republika 7160 na may kabuuang Dalawang Milyon Apatna libo Dalawang daan Anmnapu't Anim na Piso at Siyamnapung Sentimos (P2,004,266.90).

**SEKSYON 8** – Ilipat sa Pangkalahatang pondo ang mga natira at pondong walang pinaglalaaanan mula sa mga gastusin ng bawat tanggapan ng pamahalaang bayan.

**SEKSYON 9** – Pinahihintulutan ang muling pagsasaayos ng anumang aytem na may paglalaan, pagpapalit o pag-aalis ng titulo o designasyon kung kinakailangan sa pamamagitan ng pagsasabatas ng kaukulang sanggunian at pinagtibay ng Punong Ehekutibo.

**SEKSYON 10** – Ang kautusang ito ay magkakabisa sa Enero 1, 2009 at magtatapos sa Disyembre 31, 2009.

**PINAGPASIYAHAN PA**: Na bigyan ng kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan na makapaglipat ng pondo mula sa 20 bahagdang kabahagi ng pondong pangkaunlaran upang makapagsagawa ng mga proyekto na nakapaloob sa mga programa sa ilalim ng 20% development fund.

**PINAGPASIYAHAN PA**: Na bigyan ng kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan na magamit ang tamang pondo para sa taong 2009, sa panahon ng kalamidad upang mabigyang solusyon ang mga iba't-ibang gastusin kung kinakailangan.

**PINAGPASIYAHAN PA RIN**: Na anumang programa o pagawain na hindi nakapaloob sa taunang badyet na ito ay kailangan ang pagsang-ayon at pagpapatibay ng Sangguniang Bayan.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Panlalawigang Ingat-Yaman, Panlalawigang Pinuno sa Badyet, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY**.

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahan / kautusang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**KGG. RAMON D. TAN**
Kagawad

**KGG. JUN M. ASINAS**
Kagawad

**KGG. ROMULO A. ELCA**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**KGG. OSCAR F. FELICIANO**
Kagawad

**KGG. ISAGANI R. MALAPAYA**
Kagawad

**KGG. JOHN CARLOS C. DELOS REYES**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 808-1008

## OFFICE OF THE MAYOR

**1st Endorsement**
January 12, 2009

1-13-09

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. Jeanette P. Alfonso**, *Secretary*, the herewith attached **Kapasiyahan Blg. 002 and 003 – T' 2009**, duly approved by the undersigned.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor

ATM/SLJ/maica